# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAKIKITUNGO SA IMMIGRATION AND CUSTOMS ENFORCEMENT (ICE)

Mayroon kang mga karapatang pangkonstitusyon kahit ano pa ang iyong katayuan sa imigrasyon, kung nakatira ka sa Cook County, kasama ang mga walang dokumento at iba pang hindi mamamayan ng U.S. Narito ang mahalagang impormasyon para matulungan kang maunawaan ang iyong mga karapatan kapag nakikipag-usap sa mga ahente ng imigrasyon o mga ahensyang tumutulong sa Immigration and Customs Enforcement (ICE).

**Kung nasa labas ka at may napansing mga opisyal ng imigrasyon sa paligid:**

- Lumipat sa isang ligtas na lugar sa loob.
- Kung ikaw ay isang mamamayan ng U.S. at sa tingin mo'y ligtas itong gawin, i-record ang aktibidad gamit ang iyong selpon o isulat ang anumang mahalagang impormasyon tungkol sa iyong nasaksihan—PALAGING mag-ingat na huwag makialam o hadlangan ang operasyon.
- HUWAG GAWIN:
    - Mag-post ng hindi kumpirmadong impormasyon sa social media.
    - Makialam sa imbestigasyon o ilagay ang iyong sarili sa alanganin.

**Kung kakausapin ka ng isang ahente ng imigrasyon:**

- Dapat kang manatiling kalmado at ilagay ang iyong mga kamay sa lugar na makikita ng opisyal o ahente.
- May karapatan kang manahimik at hindi ka obligado na sagutin ang anumang tanong. Dapat mong sabihin sa ahente ng imigrasyon na pinipili mong manahimik.
- Hindi mo kailangang sabihin ang iyong katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan, pati na ang iyong bansang pinagmulan, sa pulis, mga ahente ng imigrasyon, o iba pang opisyal. Dapat mong gamitin ang iyong karapatan na manahimik kungtinatanong ka.
- Kung ikaw ay may anumang valid na dokumento ng imigrasyon, tulad ng permanent resident card, employment authorization card, o certificate of naturalization, maaari mong ipakita ang iyong dokumento sa ahente ng imigrasyon kung hihingin ito.
- Maaaring kang kapkapan ng ahente kung naniniwala silang may dala kang armas.

**Kung dumating ang mga ahente ng imigrasyon o iba pang pederal na ahente sa iyong tahanan:**

- Huwag mong buksan ang iyong pinto kung ang mga ahente ng imigrasyon o iba pang pederal na ahente ay dumating at wala silang warrant na may lagda ng hukom. Karamihan ng mga pagkakataon, ang ICE ay may hawak na administratibong warrant, na may lagda ng isang ahente ng ICE at hindi ng hukom. Hindi mo kailangang buksan ang pinto batay sa administratibong warrant.

- Kung hindi ka sigurado kung ang tao ay ahente ng imigrasyon o may kaugnayan sa ICE, maaari mong tanungin kung anong ahensya sila kumakatawan at kung sila ba ay ahente ng imigrasyon o may kinalaman sa ICE.

- Kung sinabi ng mga ahente na mayroon silang warrant, dapat mong hilingin na ipakita ito bago sila pumasok.

- Kung ang warrant ay inilabas ng isang hukuman at may lagda ng hukom, maaaring pumasok ang mga ahente sa iyong tahanan nang walang pahintulot. Kung ang dokumento ay walang lagda ng hukom, hindi ka obligado na papasukin sila. Maari mong sabihin: "Hindi kayo puwedeng pumasok."

- Kung pilitin nilang pumasok sa iyong bahay, huwag magtangkang lumaban. Maaari mo silang sabihan: "Hindi kayo puwedeng pumasok. Hindi ako pumapayag sa inspeksyon. Nais kong manatiling tahimik. Nais kong makipag-usap sa abogado sa lalong madaling panahon."

- Maaari mong itanong sa mga ahente kung bakit sila naroroon.

- Maaari kang humiling ng isang interpreter kung hindi nila nauunawaan ang iyong wika.

**Kung inaresto ka:**

- Huwag mong subukang tumanggi sa pag-aresto.

- Maaari mong hilingin na makipag-usap sa isang abogado.

- Maaari mong hilingin na makipag-usap sa isang interpreter.

- Tandaan, dapat mong gamitin ang iyong karapatang manahimik at hindi kailangang magsalita o sumagot sa mga tanong bago makipag-usap sa abogado. Huwag kang magsinungaling sa ahente.

- May karapatan kang kumonsulta sa isang abogado ng imigrasyon bago gumawa ng anumang desisyon tungkol sa iyong kaso o lumagda ng anumang dokumento. Walang sinuman ang puwedeng pumilit sa'yo na gumawa ng panghuling desisyon o lumagda ng dokumento kung hindi mo ito lubos na nauunawaan.

## Mahahalagang Paalala

- Alamin ang iyong "Alien Registration Number" ("A number") kung mayroon ka nito.
- Kung may mga dokumento ka ng imigrasyon, laging dalhin ang mga ito sa iyong bag.
- Huwag magdala ng mga dokumento mula sa iyong bansang pinagmulan, tulad ng iyong banyagang pasaporte o matrícula consular.

- Huwag magdala ng mga pekeng dokumento at huwag magbigay ng maling impormasyon o pekeng dokumento sa isang ahente ng imigrasyon.

## Dibisyon ng Imigrasyon ng Tanggapan ng Tagapagtanggol ng Publiko ng Cook County.

Layunin ng Dibisyon ng Imigrasyon ng Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol ng Cook County na protektahan ang mga hindi mamamayang kliyente mula sa deportasyon. Nakikipagtulungan ang dibisyon sa mga katulong na pampublikong tagapagtanggol na kumakatawan sa mga kliyente sa Circuit Court ng Cook County para tuklasin ang mga posibleng negatibong epekto ng imigrasyon na dulot ng kanilang mga kaso at magrekomenda ng mga alternatibong solusyon. Kumakatawan ang aming mga abogado sa mga hindi mamamayan, kabilang ang mga kasalukuyan at dating kliyente ng pampublikong tagapagtanggol, sa mga hukuman ng imigrasyon.

**Kung ikaw o ang isang mahal sa buhay ay inaresto ng ICE at residente ng Cook County, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Imigrasyon ng Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol sa 312-603-0636 sa mga oras ng hotline. Miyerkules 9-11am o mag-email sa pdimmigrationunit@cookcountyil.gov.**

Bisitahin ang aming webpage ng mga Mapagkukunan ng Dibisyon ng Imigrasyon sa https://www.cookcountypublicdefender.org/resources/immigration-division para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Dibisyon ng Imigrasyon.

## Mga Karagdagang Impormasyon

Maaaring tawagan ng mga hindi residente ng Cook County na inaresto sa distrito ng ICE sa Chicago at naghahanap ng legal na representasyon ang Detention Project ng Pambansang Sentro ng Katarungan para sa mga Imigrante (National Immigrant Justice Center) sa 773-672-6599 tuwing Martes mula 11am hanggang 2pm.

Kung mapapansin mo ang mga gawain ng pagpapatupad ng imigrasyon o kailangan mo ng tulong para hanapin ang isang taong inaresto, maaari mong tawagan ang Organized Communities Against Deportation (OCAD) Deportation Support Hotline at 1-855-435-7693. Ginagamit din ang parehong numerong ito ng Illinois Coalition for Immigrant and Refugee Rights (ICIRR) Family Support Hotline.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Dibisyon ng Imigrasyon bisitahin ang aming webpage ng mga mapagkukunan ng Dibisyon ng Imigrasyon sa https://www.cookcountypublicdefender.org/resources/immigration-division.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan sa Cook County para sa mga imigrante, bisitahin ang webpage ng mga Mapagkukunan ng Imigrasyon ng Cook County sa https://www.cookcountyil.gov/immigration.

## Tulong para sa sinumang inaresto sa Cook County ng mga Lokal na Pulis

Nag-ooperate din ang Pampublikong Tagapagtanggol ng Cook County ng Arrest Hotline, 24 na oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon. Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay nasa kustodiya ng mga awtoridad, sa Chicago o saan mang lungsod o bayan sa Cook County, tawagan ang Arrest Hotline sa 844-817-4448. Isang abogado mula sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol ng Cook County ang pupunta sa istasyon ng pulisya para magbigay ng libreng legal na representasyon. Kung ikaw ay inaresto ng mga lokal na pulis, may karapatan kang manahimik. Dapat mong sabihin, "Hindi ako magsasalita, nais kong makita ang aking abogado."